

# KALIGTASAN SA SINEHAN SA PANAHON NG COVID-19

Ang panonood ng mga pelikula mula sa bahay ang nanatiling pinakaligtas na opsiyon sa panahon ng pandemya ng COVID-19. Kung magdesisyon kang manood sa sinehan, pakitandaan ang mga tip na ito at isaalang-alang ang mga kaugnay na panganib:

## MANATILI SA BAHAY KUNG MAY SAKIT KA

o nagsimulang hindi gumanda ang iyong pakiramdam para maiwasan ang pagkalat ng virus sa iba. Tandaan, kahit na ganap ka nang nabakunahan, mayroon pa ring posibilidad na makuha mo ang COVID-19 at maikalat ito.

## IWASAN ANG MGA IBABAW, PATUNGAN O GAMIT NA MADALAS NA MAHAWAKAN

tulad ng mga patungan ng mga pampalasa, hawakan ng pinto o iba pang hawakan. Kung hindi mo mahuhugasan ang iyong mga kamay pagkatapos hawakan ang mga ibabaw, patungan, o gamit na nahahawakan din ng iba, magdala at gumamit ng sanitizer para sa kamay na naglalaman ng hindi bababa sa 60% alkohol.

## BAWASAN ANG PAGKAIN AT PAG-INOM

habang pinapanood mo ang pelikula para mapanatiling suot ang iyong mask hangga't maaari. Pakitandaan na inirerekomenda ng County Health Officer na iwasan ang pagkain at pag-inom sa pangkalahatan at pinapayo nito ang pagsusuot ng mask sa buong oras.

## TINGNAN ANG WEBSITE NG SINEHAN AT TAWAGAN ITO NANG MAAGA

para malaman ang tungkol sa mga umiiral na protokol sa kaligtasan para protektahan ang mga bisita at empleyado. Ilang puntong dapat isaalang-alang:

- Maaari bang bumili ng tiket online o sa pamamagitan ng telepono para maiwasan mong pumila kasama ang iba?
- Pinapayagan ba ng sinehan ang mga bisita na magdala ng sariling pagkain at inumin nila para mabawasan ang pagpila sa bilihan?
- Paano dinidisingpekta ng sinehan ang mga ibabaw, gamit, at patungan?
- Nagpapatupad ba ang sinehan ng pisikal na distansiya sa pagitan ng mga tao na nasa pila at nakaupo sa loob na nanggaling sa magkakahiwalay na bahay?
- Kailangan bang magsuot ng mask ng mga tauhan? Kailangan bang magsuot ng mga bisita ng mga mask kapag hindi kumakain o umiinom?
- Paano sinusuri ang tauhan para sa impeksiyon?
- Anong mga pagpapabuti ang ginawa ng sinehan para masiguradong may mas mahusay na bentilasyon ang bawat loob ng sinehan?
- Sumusunod ba ang sinehan sa pinapayagang bilang ng tao batay sa kulay ng Tier ng county? hal., Pula – pinakamataas na 25% kapasidad o 100 tao (alinman ang mas kaunti), Orange – pinakamataas na 50% kapasidad o 200 tao (alinman ang mas kaunti), atbp.